# Pingkian

Isang Musical Na May Dalawang Yugto

<u>SYNOPSIS</u>

Majayjay, 1898. Nabaril si Heneral Emilio Jacinto sa isang engkwentro sa tropa ng mga Cazadores. Malaglag siya sa kanyang kabayo at magtatago sa putikan upang hindi mahuli. Magpapakita sa kanya ang multo ni Andres Bonifacio at aakayin siya sa loob ng sariling kaluluwa upang siyasatin ang tunay na ibig sabihin ng kalayaan at ang saysay ng kanyang sariling buhay at kamatayan. Magpapakita rin sa kanya ang multi ni Rizal upang ipakita sa kanya ang hinaharap na maaari niyang datnan. Kailangan niyang mamili kung mamamatay siya sa gitna ng pakikipaglaban o mabubuhay upang itaguyod ang pamayanan at pamilya, upang mamatay lamang muli nang walang nakaaalam.

MGA TAUHAN

| | |
|---|---|
| Emilio Jacinto | 17-24. Utak ng Katipunan. Alyas Pingkian |
| Andres Bonifacio | Alyas Maypagasa. Supremo ng Katipunan |
| Jose Rizal | 30's. Duktor, nobelista. |
| Pio Valenzuela | Alyas Dimasayaran. Kaeskuwela ni Jacinto |
| Lucio / Isyo | 18. Batang Katipunero |
| Josefa Dizon | Ina ni Emilio Jacinto |
| Catalina de Jesus | 17-24. Asawa ni Emilio Jacinto. |
| Florencio Reyes | 30's. Secreta. Espiya ng mga Kastila |

Mga Fraile

- Agapito Echegoyen
- Domingo Candenas
- Fr. Piernavieja

Mga Katipunero

- Talibong
- Milan
- Tiktik
- Halimaw
- Cirilo Javier

Tinyente

Duktor

Anak ni Jacinto

<u>UNANG YUGTO: DILIM</u>

*Projection sa screen: 1898. Majayjay.*

*Gabi. Naglalakad ang tropa ng mga Katipunero sa pamumuno ni Heneral Emilio Jacinto. Maingat silang naglalakbay. May mga dalang sulo, baril, at tabak. Nakasakay sa kabayo ang ilan. Nasa harap ng grupo si Hen. Jacinto alyas PINGKIAN.*

KATIPUNERO 1 ***SONG: Hindi Pa Tapos Ang Laban***

Doon sa Biak-na-Bato
’Pinatigil ang putukan
’Sinuko ni Aguinaldo
Ang apoy ng himagsikan

Sa Hong Kong nagpadest’yero
Lahat ng mga heneral
Kapalit ng libong piso
Huwad na kapayapaan

KATIPUNERO 2 Ngunit kahit na sumuko
Kahit sila’y nag-alisan

| | |
|---|---|
| | Kahit pinuno'y nagtago |
| | May nagpatuloy lumaban |
| LAHAT | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'n pang hininga |
| | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'ng ibubuga |
| KATIPUNERO 3 | Sina Paciano't Malvar |
| | Ay hindi agad sumuko |
| | Patuloy silang lumaban |
| | Hanggang maubos ang punglo |
| LAHAT | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'n pang hininga |
| | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'ng ibubuga |
| KATIPUNERO 4 | Kaming hukbo ni Pingkian |
| | Patuloy na nagliliyab |
| | Ang diwa ng kalayaan |
| | Sa talas ng aming tabak! |

| | |
|---|---|
| LAHAT | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'n pang hininga |
| | Hindi pa tapos ang laban |
| | Hangga't mayro'ng ibubuga |

*Tumatakbong papasok si ISYO.*

ISYO — Heneral! Mga Cazadores!

*May darating na pulutong ng mga CAZADORES. Magkakaengkuwentro ang dalawang panig. Magkakaputukan. Mababaril si JACINTO / PINGKIAN at malalaglag sa kanyang kabayo.*

*Tatakbo sa kanya si ISYO.*

ISYO — Heneral!

PINGKIAN — Isyo, tumakas na kayo!

ISYO — Hindi kita maaaring iwan, Heneral!

PINGKIAN — Ililigaw ko sila.

ISYO — Ngunit heneral—

PINGKIAN Wala na tayong oras. Ilayo mo ang pulutong. Magkita tayo sa Sta. Cruz. Ako nang bahala sa kanila.

ISYO Heneral—

PINGKIAN Sige na, Isyo!

*Itutulak niya si ISYO. Aalis si ISYO at tatawagin ang ibang mga kasama nila palabas ng entablado.*

PINGKIAN Kahit tayo ay malagas
May tapang pa ang iilan
Di hahayaang magwakas
Pag-asam sa kalayaan

Hindi pa tapos ang laban
Hangga't mayro'n pang hininga
Hindi pa tapos ang laban
Hangga't mayro'ng ibubuga!

*Gagapang si PINGKIAN sa putikan. Hirap siyang gumalaw. Patuloy pa rin ang putukan*

PINGKIAN ***SONG: Ito Na Ba Ang Katapusan?***

Lahat ng pinaghirapan,

Dito na ba magwawakas,

Lahat ng aking ’pinundar,

Dito na ba mawawasak?

Ang minimithing liwanag

Ng bayan kong ginigiliw,

Isa lamang bang pangarap,

Malulugmok ba sa dilim?

Ito na ba’ng katapusan,

Ang wakas ng Katipunan?

Ito na ba’ng katapusan

Kalayaang inaasam?

Panginoon kong Maylikha

Dito mo ba tatapusin?

Akong aba mong kinatha,

Ngayon na ba tutuusin?

Ito na ba’ng katapusan,

Ang wakas ng Katipunan?

Ito na ba'ng katapusan

Kalayaang inaasam?

*Sa kabilang dako ng entablado, may papasok na lalaking nakaputi. Makikita siya ni PINGKIAN / JACINTO. Magtatago si JACINTO sa putikan at ihahanda ang kanyang baril. Lalapit sa kanya ang lalaki.*

*Makikilala niya ito—si ANDRES BONIFACIO.*

JACINTO Kuya?

*Iaabot ni BONIFACIO ang kanyang kamay kay JACINTO.*

BONIFACIO Halika, kumapit ka sa akin.

JACINTO Kuya...paano'ng—

BONIFACIO Huwag kang maingay. Marami sila.

*Dadalhin ni BONIFACIO si JACINTO sa likod ng isang malaking bato. May dadaang maliit na grupo ng CAZADORES. Hindi nila makikita ang dalawa.*

JACINTO Bakit ka nandito?

BONIFACIO Wala ako dito.

JACINTO Ngunit patay ka na. Patay na ba ako?

BONIFACIO Hindi pa. Hindi mo pa oras.

JACINTO Kailan?

BONIFACIO Hindi pa ngayon.

JACINTO Ngunit nakita mo?

BONIFACIO Nakikita ko nang lahat ngayon.

JACINTO Makikita ko ba ang katapusan ng himagsikan?

BONIFACIO Nakita mo na ang katapusan ng himagsikan.

JACINTO Ang ibig kong sabihin—

BONIFACIO Aling himagsikan, Miling? Kung ang tinatanong mo ay ang liwanag ng musa mong kalayaan...

*Iiling si BONIFACIO. Sandaling katahimikan.*

JACINTO Paano ako mamamatay, kuya?

*Hindi sasagot si BONIFACIO.*

JACINTO Sabihin mo sa akin, kuya Andres. Paano ako mamamatay?

BONIFACIO Sa ngiki.

JACINTO Ngiki?

BONIFACIO Dala ng Malaria.

*Matatahimik si JACINTO. Malulungkot siya.*

BONIFACIO Ito ang ating trahedya, Miling.

JACINTO Bakit ka naparito?

BONIFACIO Para sagutin ang tanong mo?

JACINTO Ano’ng tanong?

BONIFACIO Halika, kumapit ka. Sumama ka sa akin.

*Tatalian ni BONIFACIO ang tuhod ni JACINTO. Aakayin niya si JACINTO. Tatawid sila sa kabilang gawi ng entablado.*

*Projection sa screen: 30 Nobyembre 1895. Bahay ni Liwayway sa Caloocan.*

*Nagpupulong ang mga Katipunero. Papasok sina BONIFACIO / MAYPAGASA at JACINTO / PINGKIAN at sasama sa pagpupulong.*

FLORENCIO Kung hindi masasagot agad ang mga katanungan ng ilang mga kasapi tungkol sa pananalapi, magmumukha ngang pinagkakakitaan lamang ng Katipunan ang mga Sangguniang Bayan at mga Balangay!

MILAN Kumakalat ang usap-usapan na ninanakaw ng Kataas-taasang Sanggunian ang pondo!

DIMASAYARAN May nagpapakalat! Ang may malisyosong utak lamang ang makagagawa niyan!

MILAN Mismong mga kapatid na Maypagasa at kapatid na Pingkian ang pinararatangan ng paglulustay ng ating pananalapi!

MAYPAGASA Sino'ng tarantado ang nagpapakalat niyan?!

TALIBONG Narinig ko mismo sa kapatid na Marahas. Siya mismo ang nagsabi.

MAYPAGASA Ano'ng katunayan niya? Ang dapat sa mga sinungaling na katulad niya'y itiwalag!

DIMASAYARAN Baka nga siya pa ang nangungulimbat. Hindi ba't siya itong nakulong sa Bilibid dahil nahuling dinaraya ang cheke ng kanyang amo?

MAYPAGASA Alam ng lahat ang mga kawalanghiyaang ginagawa ni Marahas.

HALIMAW Walang puwang dito sa Katipunan ang ganyang kasinungalingan.

PINGKIAN Kung mapatunayang nagpapakalat ng kasinungalingan si Marahas, dapat siyang itiwalag. Padalhan ang lahat ng karurukan ng kanyang larawan nang may nakasulat na "taksil" sa ibaba.

MAYPAGASA At bakit sa amin ni Pingkian ibinibintang ang kaguluhan sa pananalapi?

Hindi ba't sa mga Balangay mismo nangyayari ang dayaan at nakawan?

Alam ito ng lahat! Sila ang dapat itiwalag at tawaging mga taksil!

Sina Doroteo Dominguez alyas Abang,

Manuel Ureta alyas Mahusay,

Tomas Remigio alyas Toremige,

Pedro Trinidad alyas Maliksi

***SONG: Itiwalag***

Ilayo, Itakwil, itiwalag

Ang mga hindi tapat

Ay dapat na ilaglag,

Ilayo, itakwil, itiwalag

Ang mga nagbubunyag

Ay mga walang bayag

Dito ay walang puwang

Ang mga mandaraya

Sa mga sinungaling

At walang isang salita

Upang di magwatak-watak,

Ilayo, itakwil, itiwalag!

Sina Teodorico Guerrero alyas Kislat,

Rosendo Domingo alyas Lingab,

Andres Flores alyas Matigas,

Sina Emiliano Morales alyas Lagasa,

Teodoro Gonzales alyas Lathala,

Julian Nepomuceno alyas Digma

DIMASAYARAN Ilayo, Itakwil, itiwalag

Ang mga hindi tapat

Ay dapat na ilaglag,

Ilayo, itakwil, itiwalag

Ang mga nagbubunyag

Ay mga walang bayag

LAHAT Dito ay walang puwang

Ang mga mandaraya

Sa mga sinungaling

At walang isang salita

Upang di magwatak-watak,

Ilayo, itakwil, itiwalag!

MAYPAGASA Luis Velazco alyas Kulog,

Mariano Inocencio alyas Anting-anting,

Gregorio del Rosario,

Marcelo dela Rosa,

Lorenzo Alonso,

LAHAT Dito ay walang puwang

Ang mga mandaraya

Sa mga sinungaling

At walang isang salita

Upang di magwatak-watak,

Ilayo, itakwil, itiwalag!

MAYPAGASA Dapat ipakalat ang larawan nilang lahat na may nakasulat na “taksil” sa lahat ng sangguniang bayan, balangay, at hukuman!

PINGKIAN Hindi sapat ang katunayan sa pagtataksil nina Del Rosario, Dela Rosa, Anting-anting, at Lingab. Sapat nang sila’y itiwalag muna dahil sa hindi pagtupad sa kanilang mga tungkulin. At kung mamarapatin, bigyan natin sila ng tatlong buwang palugit upang mabago nila ang kanilang pag-uugali.

FLORENCIO Ngunit hindi ba't dapat din nating siyasatin ang paratang ni Marahas sa inyong dalawa? Bakit hindi natin siyasatin ngayon mismo?

PINGKIAN Hindi masisiyasat ngayon din ang usapin ng pananalapi. Kailangang magkaroon ng masinop na pagsisiyasat ang sanggunian at liliban kami ni Maypagasa. Kailangan nating maghalal ng apat nating kapisan na mangunguna sa pagsisiyasat. Ipagbibigay alam nila sa sanggunian ang kanilang matutuklasan sa sangguniang ito. Anuman ang matuklasan, tatanggapin namin ang hatol ng sanggunian.

*Darating si TIKTIK.*

MAYPAGASA Sa wakas, dumating din ang ating kataas-taasang kalihim! Akala nami'y sumali ka na sa kapatid mong nais magtayo ng sariling samahan!

TIKTIK Mahal na pangulo, hindi po totoong nais tumiwalag ng kapatid kong si Mapangahas.

DIMASAYARAN Hindi ba't sila ni Silang ang nagsabing ipinapautang ng Balangay ng Dimasalang ang salapi sa Kataas-taasang Sanggunian?

MAYPAGASA Wala itong katotohanan! Walang nakararating sa aming pondo!

TIKTIK Miling...kapatid na Pingkian, kilala mo ako. Asawa ko ang pinsan mo. Kilala mo ang kapatid ko, hindi iyon magagawa ni Restituto!

MAYPAGASA Malinaw sa aking nagsasapakatan sina Marahas at Silang laban sa amin!

DIMASILAY Mga kapatid, pangulo, huminahon muna tayo. Dahil kayong dalawa ni Pingkian ang pinagbibintangan, at dahil kapatid ni Tiktik ang sangkot, mainam sigurong lumabas muna kayong tatlo at hayaan muna kaming magpasya tungkol sa bagay na ito.

*Titignan ni MAYPAGASA si PINGKIAN. Sasang-ayon si PINGKIAN. Lalayo sa pagpupulong sina MAYPAGASA at PINGKIAN.*

JACINTO Hindi ito ang Katipunang itinatag natin!

BONIFACIO Ganito ang Katipunan natin, Miling.

JACINTO Taon-taon na lamang. Wala tayong mapagkasunduan. At bakit tayo pinagbibintangan ng pagnanakaw at paglulustay?

BONIFACIO Matutuklasan nilang si Kalasag ang may kasalanan ng lahat. Nahuli siyang nangangalunya. At dahil sa kanyang pambababae'y napabayaan niya ang kanyang mga tungkulin sa pananalapi.

JACINTO Nambababae? Hindi dapat ginagawang laruan ang mga babae! Ano’ng klaseng mga kasapi ang nakukuha natin, kuya? Walang disiplina. Walang moralidad. Wala sa katwiran. Puro pabaya. Puro nakawan. Puro intriga. Hindi ito ang Katipunang pinangarap nating buoin!

***SONG: Hindi ’to ang Katipunan***

Ano’ng nangyayari sa ’tin?
Bakit nagkakaganito?
Hindi iisa’ng damdamin.
Bakit watak-watak tayo?

Balangay at sanggunian
Isa-isang nalalagas
Lalo lang nababawasan
Imbes na lumalaganap

BONIFACIO Hindi ’to ang Katipunan
Na nais nating itatag
Hindi ’to ang himagsikan
Hindi ’to ang pinangarap

JACINTO Ano pang pwedeng baguhin

Asal ba'y mababago pa?

Ano pa ba'ng pwedeng gawin

Upang tayo'y magkaisa?

Hindi 'to ang Katipunan

Na nais nating itatag

Hindi 'to ang himagsikan

Hindi 'to ang pinangarap.

BONIFACIO Wala tayong ginawa maghapon kundi magtakwil at magtiwalag. Hindi kaya't naipit tayo sa pagpapalaganap at pagsasala ng mga kasapi?

JACINTO Hindi sa pagsasala, kundi sa paghubog. Bale wala ang lahat ng ating ipinaglalaban kung hindi natin kayang labanan ang ating sarili. Bale wala ang himagsikan kung sa sarili natin mismo'y hindi natin kayang masimulan.

***SONG: Nasa Loob Ang Himagsikan***

Ang tunay na himagsikan

Sa loob nagsisimula

Sa puso't kaibuturan

Sa kaluluwa ang digma

Ang tunay na himagsikan

Ay paglilinis ng loob

Asamin ang kabanalan

Iwaksi ang pag-iimbot

*Mauupo sa may isang mesa si JACINTO. Magsisimula siyang magsulat.*

JACINTO — Ang kalaban ay sarili

Bago pa man ang dayuhan

Sa paghangad ng mabuti

At pag-ayon sa katwiran

Matutong makipagkapwa

At ng kabutihang asal

Gawing isa ang salita

Matakot ka sa Maykapal

Ang tunay na himagsikan

Sa loob nagsisimula

Sa puso't kaibuturan

Sa kaluluwa ang digma

*Iaabot niya ang kanyang isinulat kay BONIFACIO.*

JACINTO — Kailangan nating paalalahanan ang lahat ng ating mga kasapi kung bakit tayo nandito. Kung ano ang ating ipinaglalaban. Kung paano natin ito ipaglalaban. Kailangan nating ipaalala kung ano ang ibig sabihin ng maging isang Katipunero.

BONIFACIO — Napakaganda nito, Miling. Ito na ang isasama natin sa mga dokumento ng bagong kasapi.

JACINTO — Akala ko'y gumawa ka na ng dekalogo?

BONIFACIO — Mas mahusay ito. Mas matalas. Mas tatanim.

*Mamimigay si BONIFACIO / MAYPAGASA ng kopya ng Kartilya sa mga Katipunerong nasa pagpupulong.*

*Projection sa screen: 24 Disyembre 1895.*

MAYPAGASA — Ang lahat ng nais sumapi sa atin ay kailangang may sipi ng Kartilyang ito. Ipagbibili ito sa halagang apat na kuwalta. Ang pinagsulatan ng panunumpa, ang pinagsulatan ng pangangako at tanungan sa silid

panilayan ay tig-iisang kuwalta, at ang talaan ng mga kabagayang taglay ng hinikayat at nagnanasang makisanib, isang kuwalta ang dalawa.

*Babasahin nila ang mga dokumento.*

*Nakaproject sa screen ang sipi ng Kartilya ng Katipunan.*

MAYPAGASA ***SONG: Ang Kartilya***

Ang buhay na di ginugol
Sa kadahilanang banal
Ay walang lilim na kahoy
O damong nakamamatay

DIMASAYARAN Ang tunay na kabanalan
Ay ang pagkakawang gawa
Ang umayon sa katwiran
At pagmamahal sa kapwa

TALIBONG Maputi man o maitim
Lahat ay magkakapantay
Higtan man sa ganda't galing
Pagkatao'y di mahihigtan

LAHAT Kung lahat ng mga aral
Ay isapuso ng lahat
Ang mahal na Kalayaan
Sisikat at lalaganap

PINGKIAN Ang babae'y di libangan
Siya ay iyong katuwang
Kahinaan n'ya'y igalang
Siya ang 'yong pinagmulan

HALIMAW Ang kamahalan ng tao
Ay wala sa pagkahari
At ang dignidad ng tao'y
Wala rin sa pagkapari

LAHAT Kung lahat ng mga aral
Ay isapuso ng lahat
Ang mahal na Kalayaan
Sisikat at lalaganap

*Matutumba si JACINTO. Manghihina. Aakayin siya ni BONIFACIO.*

BONIFACIO Kaunti na lang. Malapit na tayo.

JACINTO Saan tayo pupunta?

*Matutumba si JACINTO. Manghihina. Aakayin siya ni BONIFACIO sa isang kubol sa kabilang bahagi ng entablado. Ihihiga niya si JACINTO.*

BONIFACIO Magpahinga ka muna. Marami kang naubos na dugo.

JACINTO Kuya...sapat ba ang isinulat ko? Bakit hindi pa rin tayo nagtagumpay?

BONIFACIO Huwag ka na munang magsalita, nanghihina ka.

JACINTO Hindi kaya't sa simula pa lamang ay nakatakda na tayong mabigo? Hindi natin maayos ang ating mga sarili. Hindi natin alam ang ating ginagawa.

BONIFACIO Malinaw sa atin ang gusto nating makamtan.

JACINTO Sapat ba iyon? Ni hindi ko matiyak kung tumatak sa kanila ang ating Kartilya.

BONIFACIO Sinubukan mo. Sinubukan natin. Sapat iyon.

JACINTO Ngunit bakit hindi pa rin natin inabutan ang liwanag?

BONIFACIO Nabibilang tayo sa mga nakahandusay sa dilim, Miling.

*Sandaling katahimikan.*

BONIFACIO Ngunit ang mga isinulat mo, ihinanda ang marami sa atin upang batiin ang pagdating ng liwayway.

*May maririnig na tunog si BONIFACIO.*

BONIFACIO Nariyan na sila.

JACINTO Sino?

BONIFACIO Ang mga guardia civil. Magpalakas ka, Pingkian. Kailangan mong bumalik sa iyong maybahay. Hindi pa tapos ang iyong kuwento.

JACINTO Kuya, sandali!

*Aalis si BONIFACIO.*

JACINTO ***SONG: Sapat ba'ng mga salita?***

Sapat ba'ng mga salita

Upang ang puso'y magbago?

Sapat ba'ng mga salita

Upang baguhin ang tao?

Ubos na ang talinghaga

At ang diwa ay napagal

Salita'y wala bang bisa?

Kailan matatauhan?

Sapat ba'ng mga salita

Upang ang puso'y magbago?

Sapat ba'ng mga salita

Upang baguhin ang tao?

Salita ko ay pingkian

Upang damdami'y kumislap

Ngunit panggatong ay kulang

Kaya't puso'y di nagliyab

Sapat ba'ng mga salita

Upang ang puso'y magbago?

Sapat ba'ng mga salita

Upang baguhin ang tao?

*May darating na tatlong Guardia Civil. Isa dito ay Tinyente.*

TINYENTE Siyasatin ninyo siya!

*Kakapkapan si JACINTO at may matatagpuan sa kanyang pistola at gulok.*

GUARDIA Tinyente, mukhang marami pong nawala sa kanyang dugo. Kailangan po niya ng duktor.

TINYENTE *(Kay Jacinto)* Nasaan ang iyong mga kasama?

*Hindi makasagot si Jacinto.*

GUARDIA Tinyente, pakiusap.

TINYENTE Hangga't hindi niya isinusuko ang kanyang mga kasama, hahayaan natin siyang mamatay.

*Maglalabas ng baril ang Tinyente. Tututukan niya si JACINTO.*

TINYENTE Huwag na nating pahabain ang usapang ito. Nasaan ang mga kasama mo, insurekto? Mag-ingat ka sa isasagot mo kung ayaw mong marinig ang sagot ng baril ko.

JACINTO Senyor...hindi po ako insurekto.

TINYENTE Huling pagkakataon! Nakaengkwentro ng mga Cazadores ang grupo ninyo sa Majayjay noong makalawa. Iniulat sa aking may tinamaan silang isang pinuno ng Katipunan. Sinubukan nilang habulin ngunit biglang nawala.

JACINTO Ako po iyon, senyor. Ngunit hindi po ako kasapi. Isa po akong bihag!

TINYENTE Huwag kang magsinungaling!

JACINTO May...may katibayan po ako.

TINYENTE Ano'ng katibayan?

JACINTO Nasa bulsa ko po...isa po akong espiya...

*Kakapain ni JACINTO ang bulsa. Hindi niya mahanap ang cedula.*

*Sa kabilang bahagi ng entablado, papasok si ISYO, hila-hila si FLORENCIO REYES. Itatayo niya ito sa harap ng dalawang Katipunerong nakaupo sa harap ng mesa. May puwang sa pagitan ng dalawang katipunero.*

ISYO — Narito po si Florencio Reyes. Napatunayan sa pagsisiyasat ng sanggunian na siya'y nagtaksil sa kataas-taasang katipunan. Naiharap na po sa sanggunian ang kanyang mga tala at mga dokumentong kinopya niya na ipadadala niya sa Secreta Policia.

*Tatayo si JACINTO / PINGKIAN mula sa kanyang hinihigaan at lilipat sa kabilang bahagi ng entablado. Uupo siya sa pagitan ng dalawang katipunero.*

PINGKIAN — Napatunayan ng hukumang ito na ika'y nagtaksil sa kataas-taasang katipunan. Ang parusa sa pagtataksil ay kamatayan. Ano ang masasabi mo para sa iyong sarili?

FLORENCIO — Hindi magtatagumpay ang pag-aaklas na ito, Pingkian. Alam mo ito ngunit ayaw mong aminin.

PINGKIAN — Mabibigo lamang ang himagsikan dahil sa mga taksil na katulad mo.

FLORENCIO Taksil? Kanino, heneral? Sa pamilyang binubuhay ng ginagawa ko para sa inang Espanya? Sa mga pinuno ninyong tumakas sa Hong Kong at iniwan kayong walang pamunuan? Sa mga itinuturing mong kapatid na pumatay sa sarili ninyong Supremo? Kanino ako nagtaksil, heneral?

PINGKIAN Kasama ka namin sa mga pagpupulong. Kasama ka namin sa mga plano, sa mga pangarap, sa pag-iisang dugo! Itinuring ka naming kapatid, Florencio. Kapatid!

*Nakaproject sa screen ang "Kasalanan ni Cain" ni Emilio Jacinto.*

***SONG: Ang Kasalanan Ni Cain***

Puso'y naiinis, masikip ang dibdib
Aking mga luha'y kusang umaagos
Nakaririmarim, bakit nakaukit
Ang sumpa ni Cain sa mga Tagalog?

Kadugo't kapatid mismo ang dahilan
Ng pagkakasadlak at pagkakaaba
Hindi matatamo, mithing kalayaan
Dahil nagtataksil ang kapwa sa kapwa

O, sala ni Cain, 'sinumpa ng Diyos

Muli't muli naming ika'y isusumpa
Sa ngalan ng madlang sa sákit ay pagod
Sa ngalan ng inang ubos na ang luha

FLORENCIO Bakit sa akin ninyo isinisisi ang pagkabigo ng inyong pag-aaklas? Bakit hindi ninyo tignan ang inyong mga sarili. Kayo mismo ang taksil sa inyong mga sariling panuntunan.

*May papasok na tatlong FRAILE na si JACINTO lamang ang nakakakita. Mapapatayo si JACINTO.*

FR. AGAPITO Kami rin ba'y taksil, kung kaya siniil,

FR. DOMINGO At ang aming buhay, tuluyang kinitil?

FR. PIERNAVIEJA Nang kami'y dakipin ni Don Aguinaldo

FR. AGAPITO Ipinaubaya kina Bonifacio

FR. DOMINGO Kami'y pinagdusa, ginulpi, sinaktan

FR. PIERNAVIEJA Utos ng Supremo'y tuluyang mabitay

FR. AGAPITO	Sino ang nagtaksil sa inyong salita?

FR. DOMINGO	Sino ang lumabag sa sariling diwa?

*Kikilabutan si JACINTO.*

JACINTO	Pinuhunang pagod, t'yaga at panganib
Walang kabuluhan wala na ring saysay
Sapagkat ang taksil ay mismong kapatid
Ang pagkakanulo'y para nang pagpatay

O, sala ni Cain, 'sinumpa ng Diyos
Muli't muli naming ika'y isusumpa
Sa ngalan ng madlang sa sákit ay pagód
Sa ngalan ng inang ubos na ang luha

*Lalabas ang tatlong FRAILE.*

FLORENCIO	Tumingin muna kayo sa salamin, Pingkian. Kung ako'y may kasalanan, lahat din kayo'y nagkasala. Lahat tayo'y si Cain.

*Sandaling katahimikan.*

JACINTO Lahat tayo’y mananagot sa ating mga ginawa. Darating ang aming panahon. Ngunit ngayon, ikaw ang mananagot.

*Sesenyasan ni JACINTO ang isa sa mga Katipunerong nakaupo. Kakapkapan ni ISYO si FLORENCIO. May makukuha itong cedula. Iaabot ni Isyo ang cedula kay JACINTO. Babasahin niya ito.*

JACINTO Ikaw, Florencio Reyes, ay napatunayang nagtaksil sa Kataas-taasang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Ang parusa sa pagtataksil ay kamatayan.

*Tatayo ang Katipunero, maglalabas ng baril. Ilalabas nila si FLORENCIO.*

*Babalik si JACINTO sa kanyang hinihigaan. Iaabot niya ang cedula sa TINYENTE.*

JACINTO Ako po si Florencio Reyes. Isa po akong espiya. Bihag po ako ng Katipunan dahil nahuli nila akong nagpapadala ng mga dokumento sa Secreta Policia. Sinaktan po nila ako, papatayin po nila ako...kung hindi dahil sa mga Cazadores siguro ay...

*Babasahin ng TINYENTE ang cedula. Iaabot niya ito sa GUARDIA. Sesenyasan niya ang GUARDIA. Lalabas ito dala ang cedula.*

TINYENTE Magpapadala kami ng duktor kapag natiyak na naming totoo ang mga sinasabi mo. Mag-iiwan kami ng mga tao sa labas.

JACINTO Salamat, senyor.

*Lalabas ang TINYENTE. Mula sa likuran, patagong papasok si ISYO.*

ISYO Heneral Pingkian.

JACINTO Isyo, ano'ng ginagawa mo rito?

ISYO Itatakas ko kayo. Nasa Sta. Cruz na ang tropa, hinihintay kayo. Hinihintay din kayo ng inyong maybahay. Nag-aalala siya.

JACINTO Masyado akong mahina para gumalaw, Isyo. Kumusta ang mga kapatid? Ano'ng balita sa himagsikan?

ISYO ***SONG: 1898***

Dumating ang mga Amerikano

Sa Look ng Maynila

Pinalubog ang mga barko
Ng mga kalabang Kastila

Nagbalik na si Aguinaldo
Kasama ang kanyang Junta
At sa Cavite El Viejo
Idineklara ang independencia

Nagpatuloy si Malvar
Sa himagsikan sa Batangas.
Kumalat din sa Mindanao
At sa Pampanga ang pag-aaklas

Sa Kongreso ng Malolos
Lehislatura'y itinatag
Dahil hindi pa natatapos
Ang ating pag-aaklas

Mga Amerikano'y dumating
Maynila ay sinakop
Habang ang mga hukbo nati'y
Pinigilang makapasok

JACINTO Hindi pa tapos ang laban, Isyo.

ISYO Hindi pa tapos ang laban, heneral

JACINTO ***SONG: Hindi pa tapos ang laban***

Hindi pa tapos ang laban
Hangga't mayro'n pang hininga
Hindi pa tapos ang laban
Hangga't mayro'ng ibubuga

Kahit tayo ay malagas
May tapang pa ang iilan
Di hahayaang magwakas
Pag-asam sa kalayaan

Isyo, bumalik ka na sa Sta. Cruz. Kailangan ko munang magpalakas. Ibalita mo kay Catalina na nasa mabuti akong kalagayan. Sabihan mo ang ating mga kapatid na magbabalik ako sa lalong madaling panahon. Asikasuhin ang samahan ng bayan sa pangangalakal. Maging handa sakaling kakailanganin natin muling lumaban.

*Lalabas si Isyo. Darating ang isang Kastilang DUKTOR kasama ang GUARDIA. Sisiyasatin si JACINTO ng duktor, aalisin ang telang nakatali sa kanyang tuhod.*

DUKTOR Lumagos ang sugat sa alak-alakan. Ngunit mabuti't lumagos ang bala. Basag ang buto mo sa binti. Kailangan nating linisin muna ang sugat.

GUARDIA Mabubuhay po ba siya.

DUKTOR Sa tingin ko nama'y kakayanin niya. Ngunit marami siyang naubos na dugo. Kailangan natin siyang salinan. Kailangan ko ng gamit.

*Magsusulat ang duktor sa papel. Iaabot niya ito sa Guardia.*

DUKTOR Pumunta ka sa klinika ko sa bayan at iabot mo ito sa aking kasama. Alam na niya ang gagawin. Dalhin mo rito ang mga ipadadala niyang gamit. Magmadali ka.

GUARDIA Opo.

*Lalabas ang Guardia. Patuloy ang duktor sa paglilinis ng sugat. Sandaling katahimikan.*

DUKTOR Isa ka sa kanila.

JACINTO Hindi ho...

DUKTOR Nakita na kita dati. Nadala ang isa sa mga tauhan mo sa aking klinika. Nagpunta ka roon para kunin siya...

*Akmang sasagot si JACINTO.*

DUKTOR Huwag kang mag-alala. Hindi ko ipagsasabi.

JACINTO Salamat.

*Sandaling katahimikan.*

JACINTO Bakit mo ako tinutulungan.

DUKTOR Duktor ako. Tungkulin ko ang manggamot.

JACINTO Ngunit kalaban mo kami.

DUKTOR Tao ka. Tao ako. Bakit tayo magkalaban?

*Magtataka si JACINTO.*

DUKTOR Pareho tayo ng sinusubukang gawin. Magkaiba ang paraan. Kapwa tayo nakakikita ng karamdaman. Ginagamot ko, ikaw naman, lumalaban.

*Mapapailing si JACINTO sa sakit ng sugat.*

DUKTOR Marami akong ginamot na katulad mo, mga kasamahan mo. Hanga ako sa tapang nila. Kahit napalilibutan, kahit dehado sa dami at bilang. Kahit alam nilang mas may armas ang kanilang kalaban. Nauunawaan ko sila. Nauunawaan ko ang galit nila, ang hinanakit nila, ang daing nila.

JACINTO Ngunit Kastila po kayo.

DUKTOR Tao ako. Pareho tayo ng nakikita. Pareho ng nararamdaman. Hindi ako sang-ayon sa maraming nangyayari dito sa ating bayan. Oo, bayan ko rin ito. Dito na ako ipinanganak. Hindi ko kailangang maging indio upang makita ang iyong mga nakikita.

JACINTO Sang-ayon po kayo sa aming rebolusyon?

DUKTOR Sa rebolusyon? Hindi ko alam. Ngunit sang-ayon ako na hindi dapat nangyayari ang mga pang-aabuso—ng mga fraile, mga guardia civil, mga pinuno. Hindi ko alam kung sang-ayon ako sa inyong rebolusyon. Bilang duktor, hindi ko ata kayang sumang-ayon sa pagdanak ng dugo. Ngunit ito

ang kaya ko iambag, ang munti kong pagtutol—ang panggagamot kahit na sino pa ang nasugatan. Indio man o Kastila.

JACINTO Sana ay makita rin ng mga kababayan ko ang nakikita ninyo.

DUKTOR Marami pa bang hindi nakakakita?

JACINTO Sinubukan ko po. Sinubukan naming ipakita sa marami. Sinubukan naming pasiklabin ang damdamin ng aming mga kababayan. Nagsulat kami. Mga salita namin ang pingkian. Saglit na nagliyab. Ngunit parang sa panggatong nagkulang...

*Sa kabilang bahagi ng entablado, makikita si PIO VALENZUELA / DIMASAYARAN at tatlong ESTUDYANTE. Nagpapatakbo sila ng maliit na imprenta. Pagkatapos nilang mag-imprenta ng isa, iaabot ng estudyante kay DIMASAYARAN ang unang sipi.*

*Projection sa screen: Tondo, 1896*

DIMASAYARAN Alam na alam na niyo kung paano ito patakbuhin.

ESTUDYANTE 1 Sanay na sanay na po kami. Marami po sa aming ipinaimprenta si kapatid na Pingkian. Pangatlong limbag na po ito. Marami pa pong mga kabataang naghahanap ng kopya.

ESTUDYANTE 2 Yung iba nga'y naghihiraman na lamang ng kopya.

DIMASAYARAN Mag-iingat kayo, tiyakin ninyong hindi kayo mahuhulihan ng kopya.

*Mula sa kubol, tatayo si JACINTO at sasali sa eksena.*

ESTUDYANTE 3 Senyor, atin lang po, ngunit dumarami ang nagnanais sumali sa atin dahil sa diyaryo.

*Iaabot ni DIMASAYARAN ang sipi kay PINGKIAN*

*Projection sa screen: front page ng KALAYAAN.*

DIMASAYARAN Salamat sa pangunguna mo sa ating diyaryo. Hindi ko na kinaya sa dami ng pasyente ko!

PINGKIAN Kailangan natin ito. Kailangan dumami pa ang mga mulát. Kailangang lumaganap ang apoy ng himagsikan.

DIMASAYARAN Dahil sa unang lathala natin, dumami ang nais na maging kaanib. At Pingkian, napakaganda ng iyong pahayag. Nangungusap sa mga kabataan. Marami ang naantig. Napakahusay mo talagang magsulat.

PINGKIAN Kayo ba naman ni Maypagasa ang kasabay ko, mapipilitan akong galing!

*Magtatawanan sila.*

*Ilaw sa kabilang bahagi ng entablado. Pupunta rito ang mga estudyante at patagong mag-aabot ng sipi ng KALAYAAN sa iba't ibang miyembro ng KORO.*

*Projection sa screen: Sa Mga Kababayan, isinulat ni Emilio Jacinto halaw sa estilo at gamit ang pangalan ni Marcelo H. Del Pilar*

*Projection sa screen: sipi ng "Sa Mga Kababayan"*

*Nagbabasa ang mga umaawit ng nakasulat sa diyaryo.*

DIMASAYARAN ***SONG: Sa Mga Kababayan***

Buhat dito sa kabila ng malawak na dagat
Sa sinapupunan at pagkandili ng ibang lupa
Sa inyo mga kababayan ang aming pagbati,
Ang unang salita, himutok, at pagbigkas ng aming labi

Narinig ng aming tainga ang inyong pagdaing
Namalas ng aming mata ang inyong pagkaapi

Agad bumukal sa 'ming loob ang dakilang nasa
Na kayo'y maibangon sa pagkalugmok at pagdurusa

KORO 1 Nais naming pukawin ang inyong mga puso
Gisingin ang damdamin sa pagkakahimbing,
Maampat ang matinding dagok ng sakit
Tuluyang mabawasan ang lumbay na tinitiis

KORO 2 Inakala rin naming ang Inang Espanya
Ang siyang magbibigay ng kaginhawahan
Ngunit sa tatlong daang taon na lumipas
Puro lamang pang-uulol at pangakong di natutupad

LAHAT Ano pa ang hinihintay ano ang hinahangad?
Tatlong dantaon nating tinitiis ang bigat
Ng pagkaalipin at paghingi ng paglingap
Ang tanging napala, sa kamatayan nasadlak

KORO 3 Ngayong hapo sa paghingi ang ating mga kamay
Ngayong sa ating pagdaing, namaos na ang sigaw
Nais naming itaas ang ulo nating nakayuko
Nais naming imulat ang mga nasanay nang sumuko

PINGKIAN Ano pa ang hinihintay ano ang hinahangad?
Tatlong dantaon nating tinitiis ang bigat
Ng pagkaalipin at paghingi ng paglingap
Ang tanging napala, sa kamatayan nasadlak

LAHAT Ano pa ang hinihintay ano ang hinahangad?
Tatlong dantaon nating tinitiis ang bigat
Ng pagkaalipin at paghingi ng paglingap
Ang tanging napala, sa kamatayan nasadlak

BONIFACIO Tunay na Pingkian ang iyong mga salita, Miling. Pinagningas mo ang damdamin ng mga kabataan at ng ating mga kababayan.

JACINTO Ngayong nagniningas na, kailangan pang pag-alabin. Kailangang paliyabin.

BONIFACIO Lalong lalaki ang ating samahan. Dumarami ang namumulat. Dumarami ang nais makiisa.

*Projector sa Screen: Tondo, 1896.*

*Mapapalitan ang imprenta ng isang mesa. Sa likod nito'y nakaupo ang PANGULO, MABALASIK, at si PINGKIAN.*

*May ilang mga miyembro ng KORO na pipiringan. Lilipat sila sa kabilang bahagi ng entablado. Sasali sila sa KATIPUNAN.*

*Nakaproject sa screen ang "PAHAYAG" ni Emilio Jacinto.*

PINGKIAN		Ano ang kalagayan nitong Katagalugan noong unang panahon?

KATIPUNERO 1	***SONG: Pahayag***

Bago dumating ang Kastilang dayuhan,
Noong wala pang pagkaalipin at karuwagan
Ang ating mga ninuno ay nabubuhay
Sa kasaganaan, sa kaginhawahan.

Ating pag-iisip, may tanglaw ni Kalayaan
At iginagalang ng mga kalapit-bayan.
Sinisimsim natin ang simoy ng hangin
Na dulot ay buhay at lakas ng katawan.

PINGKIAN Ano ang kalagayan sa ngayon?

KATIPUNERO 2 Ngayo’y lubog sa kalunuran ng bangis at daya
ang araw ng ligaya nitong Katagalugan.
Higit tatlong dantaon tayong nasa dilim,
Dilim at kilabot ng gabi ng pagkaalipin.

At ang gabing ito’y tulad ng mga libingan
Balót ang magdamag ng katahimikan
Walang naririnig kundi kalansing ng tanikala
O kaya’y mapanglaw na daing ng mga aba

PINGKIAN Ano ang magiging kalagayan sa darating na panahon?

ISYO Tayo’y muling magigising sa liwanag.
Tayo’y muling magkakaisa sa gawa.
Ang bawat isa’y lilingap sa lahat
Ang lahat ay lilingap sa bawat isa.

At kung tayo’y muling pipintuho’t
At muling iibig kay mutyang Kalayaan,
At handang mamatay para sa kanyang adhika,
Manunumbalik tayo sa kanyang pagkalinga.

*Paisa-isa, tatanggalin ng mga KATIPUNERO ang kanilang piring. Sa harap nila, may mesang may papel, pluma, bungo, balaraw, at kandilang nakasindi. Lalapit ang unang katipunero sa mesa at babasahin ang nakasulat sa papel.*

KATIPUNERO 1 ***SONG: Ang Kartilya***

Ang buhay na di ginugol

Sa kadahilanang banal

Ay walang lilim na kahoy

O damong nakamamatay

*Lalapit ang ikalawang katipunero sa mesa at babasahin ang nakasulat sa papel.*

KATIPUNERO 2 Kung makasariling nasà

At hindi sa kagalingan

Nagbubuhat ang ginawa

Hindi ito kabaitan

*Lalapit si ISYO sa mesa at babasahin ang nakasulat sa papel.*

ISYO Ang tunay na kabanalan

Ay ang pagkakawang gawa

Ang umayon sa katwiran

At pagmamahal sa kapwa

LAHAT — Kung lahat ng mga aral
Ay isapuso ng lahat
Ang mahal na Kalayaan
Sisikat at lalaganap

KATIPUNERO 3 — Maputi man o maitim
Lahat ay magkakapantay
Higtan man sa ganda't galing
Pagkatao'y di mahihigtan

KATIPUNERO 4 — Ang mataas ang kalooban
Ang inuuna ay puri
Ang hamak ang kalooban
Inuuna ang sarili

KATIPUNERO 1 — Sa taong mayroong hiya
Salita n'ya'y panunumpa.
Ipagtanggol mo ang api
Labanan ang nang-aapi

LAHAT — Kung lahat ng mga aral

Ay isapuso ng lahat

Ang mahal na Kalayaan

Sisikat at lalaganap

*Susugatan nila ang sarili at pipirma sila sa papel gamit ang dugo.*

KATIPUNERO 2 Kung ikaw ay matalino

Mag-ingat sa sasabihin

Matutuhang ipaglihim

Ang dapat na ipaglihim

ISYO Ang lalaki ang patnubay

Ng asawa't mga anak

Kung sa samâ inaakay

Tiyak ang tungo'y pahamak

KATIPUNERO 3 Ang babae'y di libangan

Siya ay iyong katuwang

Kahinaan n'ya'y igalang

Siya ang 'yong pinagmulan

KATIPUNERO 4 Kundi mo ibig na gawin

Sa iyong asawa't anak

Huwag mo ring dapat gawin

Sa ibang asawa’t anak

LAHAT Kung lahat ng mga aral

Ay isapuso ng lahat

Ang mahal na Kalayaan

Sisikat at lalaganap

KATIPUNERO5 Ang kamahalan ng tao

Ay wala sa pagkahari

At ang dignidad ng tao’y

Wala rin sa pagkapari

KATIPUNERO 1 Wala sa tangos ng ilong

Wala sa puti ng mukha

Wala sa taas ng dunong

At kalagayan sa lupa

KATIPUNERO 2 Lahat ay mahihigitan

Yaman, ganda, at talino

Ngunit tayo’y pantay-pantay

Pagdating sa pagkatao

LAHAT Kung lahat ng mga aral

Ay isapuso ng lahat

Ang mahal na Kalayaan

Sisikat at lalaganap

*Magsasama-sama ang mga bagong miyembro ng Katipunan at ang mga miyembro ng sanggunian. Aabutan nila ng mga armas ang mga bagong miyembro. Papasok sina ANDRES BONIFACIO at PIO VALENZUELA upang tanggapin ang mga bagong miyembro.*

BONIFACIO ***SONG: Pangarap ko'y Kalayaan***

Pangarap kong manumbalik

Ang daigdig sa tahimik

Sa panahon ng sagana

Sa panahon ng ginhawa

VALENZUELA Pangarap kong mabalikan

Noong ang katagaluga'y

Kabilihan, kapalitan

Ng mga katabing-bayan

PINGKIAN Pangarap ko'y Kalayaan

Malayang Katagalugan

Bayang walang inaapi

Bayang angkin ang sarili

LAHAT Pangarap kong manumbalik

Panahong walang paghibik

Tapusin ang tatlong daang

Taon ng kaalipinan

Pangarap ko'y Kalayaan

Malayang Katagalugan

Bayang walang inaapi

Bayang angkin ang sarili

*Dilim.*

## IKALAWANG YUGTO: LIWANAG

*Gabi. Nakahiga si JACINTO sa kanyang papag sa kubol. Katatapos lamang siyang salinan ng dugo ng DUKTOR mula sa GUARDIA. Ililigpit ng DUKTOR at GUARDIA.*

GUARDIA Kumusta po siya, duktor?

DUKTOR Kung malalampasan niya ang magdamag, bubuti na siya bukas.

GUARDIA Kung hindi?

*Iiling ang DUKTOR.*

DUKTOR Senyor, inumin mo muna ito. Pagkatapos ay subukan mong magpahinga.

*Paiinumin ng DUKTOR si JACINTO ng gamot.*

DUKTOR Iwan muna natin siya para makapagpahinga.

*Iiwan nila si JACINTO. Magsisimula siyang manginig sa lagnat.*

*Papasok si JOSEFA DIZON.*

JACINTO Inang? Inang?

JOSEFA Nandito ako, anak.

JACINTO Pagod na ako, Inang.

JOSEFA Magpahinga ka lang.

JACINTO Tama yata kayo, Inang. Di yata ako dapat sumali sa Katipunan. Sinayang ko lamang ang aking kabataan.

JOSEFA Bakit mo sinasabi iyan?

JACINTO Sapagkat nabigo ang himagsikan. Mamamatay akong hindi nakikita ang liwanag ng Kalayaan. Walang saysay ang aking pagkamatay.

JOSEFA Hindi ba't mas mahalagang may saysay ang buhay kaysa sa pagkamatay?

JACINTO Ngunit tama ka, Inang. Kung tinapos ko sana ang aking pag-aaral. Sinayang ko ang aking kabataan.

***SONG: Hindi sayang ang buhay***

Bakit nga ba sinayang

Ang aking kabataan

Sa pagdanak ng dugo

Sa himagsikang bigo

Marami pang paraan

Ang magsilbi sa bayan

Ang maging dalubhasa

Sa batas at salita

JOSEFA Hindi sayang ang buhay

At iyong kabataan

Kung ito'y inilaan

Sa dakilang adhika

Sapagkat kundi banal

Ang dahilan ng buhay

Kahoy 'tong walang lilim

Damong nakamamatay

JACINTO Ba't nagpakabayani

Nilimot ang sarili

Bakit ko isinugal

Ang nag-iisang buhay?

Bakit nga ba sinayang

Ang aking kabataan

Sa pagdanak ng dugo

Sa himagsikang bigo

JOSEFA Sapagkat kundi banal

Ang dahilan ng buhay

Kahoy ’tong walang lilim

Damong nakamamatay

SILANG DALAWA Hindi sayang ang buhay

At iyong kabataan

Kung ito’y inilaan

Sa dakilang adhika

Sapagkat kundi banal

Ang dahilan ng buhay

Kahoy ’tong walang lilim

Damong nakamamatay

JOSEFA Hindi ba’t ito ang unang talata ng iyong Kartilya? Ano pa bang hihigit at mas babanal na kadahilanan sa kalayaan ng iyong bayan?

JACINTO Ngunit kami'y nabigo, Inang.

JOSEFA Nakasalalay ba ang kadahilanan ng iyong buhay sa tagumpay o kabiguan? Hindi mo iiwasang gawin ang isang bagay dahil alam mong ika'y mabibigo. Ang mahalaga'y malinaw sa iyo kung bakit mo siya ginagawa. At para ito sa adhikaing dakila.

JACINTO Ngunit bakit kami nabigo, Inang? Hindi ba sapat na pingkian ang aking mga salita upang magliyabin ang puso ng aking mga kababayan?

JOSEFA Sapat ba ang apoy para sa ganap na liwanag?

JACINTO Ano ang kulang?

JOSEFA Hindi ako ang makasasagot niyan.

*Ilaw sa kabilang bahagi ng entablado. Nakaupo si DR. JOSE RIZAL, may kalaro ng chess na hindi nakikita. Makikita siya ni JACINTO.*

*Sesenyasan si JACINTO ng kanyang INA na lumapit kay RIZAL.*

*Magsusuot ng pang janitor si JACINTO. Kukuha siya ng mop sa ilalim ng kama. Maglilinis siya ng sahig at marahang lalapit kay DR. RIZAL. Sesenyasan niya si DR. RIZAL.*

*Mapapansin siya ni DR. RIZAL.*

RIZAL *(sa kalaro)* Ituloy natin ang laro mamaya. Sasaglit lamang ako sa aking silid.

*Tatayo si RIZAL at lalapit sa kubol ni JACINTO.*

RIZAL Ipinadala ka ng Katipunan?

JACINTO Ako po si Emilio Jacinto, Dr. Rizal. Ipinadala po ako ng Supremo Andres Bonifacio.

RIZAL Paano kang nakapasok dito? Mahigpit ang pagbabantay sa akin.

JACINTO Kasapi po ng katipunan ang patrono ng lantsa.

*Mapapangiti si Dr. Rizal.*

RIZAL Kung gayo'y totoo ngang lumaganap na ang inyong samahan. May mga pagbabago ba mula noong pag-uusap namin ni Dr. Valenzuela?

JACINTO Naparito po ako upang agawin kayo mula sa inyong mga tanod.

*Matatawa si RIZAL.*

JACINTO Nakaabang po sa pantalan ang mga kapatid natin sa Katipunan. Nakahandang sumugod.

RIZAL Hindi ninyo alam ang ginagawa ninyo. Mahigpit ang pagbabantay sa akin.

JACINTO Nakahanda po kami sa anuman. Mangyari na ang mangyari.

RIZAL Huwag ninyo akong intindihin, Emilio. Huwag kayong magpadalos-dalos. Kaya ko ang aking sarili.

JACINTO Ngunit Dr. Rizal, kailangan namin ang gabay mo. Kailangan ka ng himagsikan. Nakahanda kaming sumunod sa iyo. Sabihin mo lamang ang dapat naming gawin at gagawin namin.

RIZAL — Sinabi ko na kay Don Pio ang mga dapat ninyong gawin. Hindi pa kayo handa. Ano'ng magagawa ng pag-agaw ninyo sa akin mula sa mga Kastila? Matutuklasan kayo nang mas maaga, mapipilitan kayong mag-aklas nang mas maaga sa inaasahan, habang hindi pa kayo handa.

JACINTO — Puputok at puputok ang himagsikan. Hindi na mapipigilan ang pagsabog ng bulkan.

RIZAL — Hindi sapat ang apoy ng damdamin para magpatuloy ang himagsikan. Uulitin ko ang sinabi ko kay Don Pio. Hindi kayo handa. Wala kayong armas. Wala kayong suporta ng mga mayayaman. Wala kayong pinanghahawakang tulong mula sa Hapon.

JACINTO — Mas madali ninyo kaming magagabayan kung wala kayo sa poder ng mga Kastila, Dr. Rizal.

RIZAL — Ibinigay ko sa mga Kastila ang aking salita, Emilio. Nauunawaan mo ito, hindi ba? Sa kanilang lahat, ikaw dapat ang nakauunawa nito.

*Sandaling katahimikan.*

RIZAL Kilala kita. Binanggit ka sa akin ni Don Pio. At pamilyar ako sa inyong...sa iyong isinulat.

*Sandaling katahimikan.*

RIZAL Sa isang banda'y pareho tayo, Emilio. Marami tayong nakikitang hindi nakikita ng iba. Tayong biniyayaan ng mga salita ay may tungkuling isulat ang mga ito at subukang imulat ang mga hindi mulat.

JACINTO Ngunit sapat ba ang mga salita, Dr. Rizal?

***SONG: Sapat ba'ng mga salita?***

Sapat ba'ng mga salita
Upang gisingin ang bayan?
Sapat ba'ng ako'y tumula
Para sa 'ting kalayaan?

Ubos na ang talinghaga
At ang diwa ay napagal
Pingkia'y wala bang bisa?
Walang dagitab ang tapang?

Sapat ba'ng mga salita

Upang gisingin ang bayan?
Sapat ba'ng ako'y tumula
Para sa 'ting kalayaan?

Ano pa ang dapat gawin
Nang liwanag ay matanaw,
Nang damdamin ay magising
Ipagpatuloy ang laban?

Sapat ba'ng mga salita
Upang gisingin ang bayan?
Sapat ba'ng ako'y tumula
Para sa 'ting kalayaan?

RIZAL May sapat na bisa ang salita, Emilio. Ngunit alam nating kailangang tapatan lagi ng gawa.

JACINTO Ngunit hindi po ba't itong binabalak namin ang tinutukoy ninyong paggawa? Pagkilos?

RIZAL Binalaan ako ni Don Pio kung gaano kapusok ang inyong mga kasapi. Hindi mabubuhay ang himagsikan sa kapusukan lamang. Hindi

mabubuhay ang himagsikan sa apoy lamang. Kailangan ng tunay at tumatagal na kaliwanagan.

JACINTO Ngunit bakit hindi sapat ang apoy?

RIZAL Marahil ay nakalimutan ng marami ang tunay na ibig sabihin ng Kalayaan.

JACINTO Ano'ng ibig mong sabihin?

RIZAL ***SONG: Pahayag***

Tayo'y muling magigising sa liwanag.
Tayo'y muling magkakaisa sa gawa.
Ang bawat isa'y lilingap sa lahat
At ang lahat ay lilingap sa bawat isa.

At kung tayo'y muling pipintuho
At muling iibig kay mutyang Kalayaan,
At handang mamatay para sa kanyang adhika,
Manunumbalik tayo sa kanyang pagkalinga.

Hindi kailangang pagdanak ng dugo ang ibig sabihin ng pagiging handang mamatay para sa Kalayaan, Emilio.

*Sandaling katahimikan.*

RIZAL — Nasaan ka ngayon? Sa isang kubol sa kung saan. Sugatan. Nasa bingit ng kamatayan. Nakikipag-usap sa mga multo ng iyong panghihinayang.

*Matatauhan si JACINTO. Nasa loob siya ng kanyang kubol.*

JACINTO — Kung hindi sana namatay ang Supremo—

RIZAL — Naniniwala ka ba sa sinasabi mo? Alam mong hindi ang pagkamatay ng Supremo ninyo ang dahilan ng pagkabigo ng himagsikan. Alam mo ito. Isinulat mo ito. Hindi ba't lahat ng isinulat mo'y pawang mga paalala sa iyong mga kapatid? Bakit mo isinulat ang Kartilya? Dahil alam mong walang himagsikang magtatagumpay kung hindi ito nagsisimula sa kalooban. Bakit mo isinulat ang "Liwanag at Dilim"? Dahil nakita mong madaling masilaw sa huwad na kislap ang iyong mga kapatid. Bakit mo isinulat ang "Kasalanan ni Cain"? Dahil mula mismo sa loob ninyo nagmumula ang mga pagtataksil. Hindi ba't isinulat mo ang lahat upang ipaalala sa mga Tagalog kung paano ang maging tao? Kung paano ang maging mabuti? Na dito nagsisimula ang tunay na paghihimagsik?

*Sandaling katahimikan.*

RIZAL Kapag natapos ang lahat, kapag napalayas ang mga dayuhan, kapag natuyo na ang lahat ng dugo, ano na para sa iyo ang kalayaan? Ano na para sa kanila ang kalayaan? Ano ang gagawin nila sa kalayaan?

*Iaalok ni RIZAL ang kanyang kamay kay JACINTO.*

JACINTO Saan tayo pupunta?

RIZAL Kailangan mo silang ihanda sa pagsapit ng liwanag, Pingkian.

*Dadalhin ni RIZAL si JACINTO sa kabilang bahagi ng entablado.*

RIZAL Pagmasdan mo ang hinaharap.

*Projection sa screen: 1898. Sta. Cruz, Laguna.*

*Papasok si CATALINA. Tatakbo siya at yayakapin ang asawang si JACINTO / MILING.*

CATALINA Miling! Akala ko'y hindi na kita makikita!

MILING Catalina, mahal!

CATALINA ***SONG: Ikaw Ang Liwanag***

Ikaw ang liwanag na inaabangan

Ang pamumukadkad ng bukang liwayway

Ngiti mo'ng huhubad sa dilim ng gabi

Ako ay malaya pag ika'y katabi

Ikaw ang umagang inaasam-asam

Ang init sa pisngi ng halik ng araw

Ang tinutulaan ng mga makata

At 'pinaglalaban naming mandirigma

*Papasok ang KORO. Sila'y mga taga Sta. Cruz. Bubuo sila ng talipapa sa entablado. Pupunuin nila ito ng mga paninda.*

CATALINA/ JACINTO Kalayaan ay pagsapit ng pag-ibig

Ang pagtahan ng puso ko sa'yong dibdib

Bakit ko pa iaalay itong buhay?

Kundi rin lang sa yakap mo mahihimlay

JACINTO Ikaw ang pagtigil ng aking ligalig

Ang pananahimik ng aking paghibik

Ikaw ang liwanag sa bayang madilim

Ikaw ang paglayang idinadalangin

JACINTO/ Kalayaan ay pagsapit ng pag-ibig
CATALINA Ang pagtahan ng puso ko sa'yong dibdib
Bakit ko pa iaalay itong buhay?
Kundi rin lang sa yakap mo mahihimlay

*Titigil sina JACINTO at CATALINA sa tapat ng isang hindi pa buong estante. Pagtutulungan nila itong buoin. Pagmamasdan ni CATALINA ang asawa.*

JACINTO Bakit ganyan ka makatingin?

CATALINA Masama bang hangaan ang napakakisig kong asawa?

*Yayakapin niya ang asawa mula sa likod.*

CATALINA Tapos na ba ang mga araw ng dilim, Miling?

JACINTO Lagi't laging may dilim, mahal. Ngunit nabubuhay tayo sa mga ganitong sandaling pagsilip ng liwanag.

CATALINA Akala ko'y idineklara na ang Independencia? Hindi ba't natalo na ang mga Kastila sa Intramuros?

JACINTO May mga bagong dayuhang parating. Hindi pa natin tiyak ang kanilang adhika. Ang alam lang nati'y hindi pa ganap ang ating paglaya.

CATALINA Hahawak ba tayong muli ng baril at tabak, mahal?

JACINTO Sa ngayon, pagtibayin muna natin ang mga nayon. Pagyamanin ang samahan. Palaguin ang mga kabuhayan ng ating mga kababayan. Ngunit nakahandang dumampot ng armas kung kinakailangan.

*Papasok si CIRILO JAVIER, isa sa mga opisyal ng Samahang Bayan ng mga Mangangalakal.*

CIRILO Heneral!

JACINTO Cirilo! Paumahin kung hindi ako nakararating sa mga pagpupulong ng Samahan. Inaasahan kong mainam ang lahat?

CIRILO Malaki po ang kinikita ng mga kasama. Nakatanggap na rin ng kinita ang inyong maybahay.

JACINTO Mainam. Kumusta naman ang mga miyembro ninyo sa Bubucal?

CIRILO Lumalaki ang samahan doon. Kumikita na rin. Nakapag-abot din tayo sa mga nabalo ng mga kapatid na Alejandro at Alfredo.

JACINTO Mabuti naman.

CIRILO Nakapaghulog naman ang lahat ng mga kasapi dito sa Bagumbayan. Kaya may bahagi ng pagpapatayo nitong talipapa ang masasagot ng Samahan.

JACINTO Natutuwa ako at napalago ninyo ang Samahang Bayan ng mga Mangangalakal dito sa Sta. Cruz, Cirilo.

CIRILO Ikaw ang nakaisip nito kapatid. Sinunod lang namin ang mga isinulat mo, ang mga itinuro mo.

JACINTO Natutuwa ako at dahan-dahan tayong nakababangon. Pagbalik ng mga kapatid natin mula sa pakikidigma, kapag tapos na ang lahat ng gulo, may uuwian ang lahat na kabuhayan.

CIRILO Ikaw din naman ang nagsabi na ang kaginhawahan ng bayan ay sa kanila din naman dapat na manggaling.

JACINTO At mabuti na magkakaroon na rin tayo ng panindang karne.

CIRILO Oo nga't mainam na makapanininda na rin tayo ng baboy at baka. Nabalitaan ng mga taga Batangas ang ginagawa natin dito. Mamayang hatinggabi'y darating silang dala ang mga karne. Darating din sina Don Miguel Malvar para makipag-usap sa grupo tungkol sa ginagawa ng Samahan at kung paano nila magagawa sa Batangas. Nais nila tayong tularan.

***SONG: Narito na ba ang Liwanag?***

Tapos na ba'ng hatinggabi?
Pabuka na ba'ng liwayway?
Atin na bang masasabing
Sumapit na'ng kalayaan?

Ang dilim ng pananakop
Tuluyan na bang nagwakas?
Ang wakas ba ng bangungot
Ang ating naaaninag?

Ito'ng ating tinatanaw
Tunay ba itong liwanag?
O pansamantalang ilaw
Ang ating nababanaag?

Kasaganahang hinangad
Katahimikang inasam
Ay atin na nga bang hawak
At di na pakakawalan

Ang dilim ng pananakop
Tuluyan na bang nagwakas?
Ang wakas ba ng bangungot
Ang ating naaaninag?

*Kakamayan ni JACINTO si CIRILO. Lalabas si CIRILO at CATALINA.*

RIZAL — Tinatanong mo kung sapat ang iyong mga salita. Ito ang isa sa resulta ng iyong mga salita. Hindi ba't ikaw ang nagbigay sa kanila ng mga panuntunan kung paano patakbuhin ang samahan ng mga mangangalakal?

*Maglalakad silang dalawa. Pagmamasdan nila ang masaganang talipapa.*

RIZAL — Hindi ba't ito rin ang kalayaan ipinaglalaban mo? Kasaganahan? Kapayapaan? Hindi ba't ito rin ang nilalaman ng iyong mga isinulat.

JACINTO — May ginawa ka ring ganito sa Dapitan.

RIZAL Sinubukan ko. Sa mga kabataan. Tinuruan ko sila.

***SONG: Ang ating ipinaglalaban***

Sa ingay ng mga putukan
Sa pagbaha ng dugo
Sa gulo ng himagsikan
Nabulagan ba tayo?

Atin bang nalimutan
Larawan ng hinaharap
Na ang ating ipinaglalaban
Ay buhay na pinangarap

Minsa'y kailangang lumaban
At mag-alay ng dugo
Minsa'y mula sa kamatayan
Uusbong ang pagbabago

Ngunit 'wag nating kalimutan
Larawan ng hinaharap
Na ang ating ipinaglalaban
Ay buhay na pinangarap

Ang bumuo ng pamayanan
Ang pagtaguyod ng pamilya
Ang paghubog ng kalooban
Mga larawan din ng paglaya

Huwag nating kalimutan
Larawan ng hinaharap
Na ang ating ipinaglalaban
Ay buhay na pinangarap

*Papasok si ISYO.*

ISYO — Kuya Miling, nais ko lamang ipakita sa inyo ang mga marka ko sa eskuwela.

JACINTO — Aba! Napakahusay, Isyo. Mauunahan mo pa akong maging abogado!

ISYO — Ikaw ang inspirasyon ko, heneral. Ikaw ang inspirasyon namin. Nagtayo kami ng samahan ng mga estudyanteng nag-aabogasiya, kuya. At ang batayan ng aming mga panuntunan ay ang mga isinulat mo!

JACINTO — Huwag mong masyadong ipagkalat ang mga iyan at baka makulong ka! *(matatawa)*

ISYO Salamat sa payo mo, heneral. Kung hindi dahil sa iyo, hindi ako magpupursiging mag-aral.

*Papasok si CATALINA kasama ang ANAK. Tatakbo ang ANAK ni JACINTO sa kanya. May dala itong laruang gulok gawa sa kahoy. Magugulat si JACINTO. Titingin siya kay RIZAL. Ngingitian siya ni RIZAL. Yayakapin ni JACINTO ang ANAK.*

ANAK Tatay! Tignan mo, ginawan ako ni Isyo ng gulok! Mabuhay ang Katipunan ng mga Anak ng Bayan!

JACINTO Manang-mana ka sa tatay.

ANAK Tatay, sabi ni Nanay, gusto daw niya akong mag-aral para maging negosyante.

CATALINA Sabi ko'y palaguin niya ang karnehan natin dito sa Sta. Cruz at sa buong Laguna. Para magawa niya ang lahat ng gusto niyang gawin.

JACINTO *(sa anak)* Ayaw mo no'n?

ANAK Gusto ko pong maging abogado! Katulad mo, tatay!

JACINTO *(matatawa)* Bakit naman?

ANAK Para maipagtanggol ko ang mga naaapi!

*Yayakapin at hahalikan ni JACINTO ang mag-ina.*

JACINTO ***SONG: Ikaw Ang Liwanag***

Ikaw ang liwanag na inaabangan
Ang pamumukadkad ng bukang liwayway
Ngiti mo'ng huhubad sa dilim ng gabi
Ako ay malaya pag ika'y katabi

Ikaw ang umagang inaasam-asam
Ang init sa pisngi ng halik ng araw
Ang tinutulaan ng mga makata
At 'pinaglalaban naming mandirigma

Kalayaan ay pagsapit ng pag-ibig
Ang pagtahan ng puso ko sa'yong dibdib
Bakit ko pa iaalay itong buhay?
Kundi rin lang sa yakap mo mahihimlay

CATALINA Ikaw ang pagtigil ng aking ligalig

Ang pananahimik ng aking paghibik

Ikaw ang liwanag sa bayang madilim

Ikaw ang paglayang idinadalangin

JACINTO/ CATALINA

Kalayaan ay pagsapit ng pag-ibig

Ang pagtahan ng puso ko sa'yong dibdib

Bakit ko pa iaalay itong buhay?

Kundi rin lang sa yakap mo mahihimlay

*Tatakbo ang kanyang ANAK sa kabilang bahagi ng entablado. Makikipaglaro kay ISYO. Panonoorin sila ni CATALINA. Maiiwan sina RIZAL at JACINTO.*

JACINTO — Ito ba ang aking uuwian?

RIZAL — Hindi lahat. Hindi mo aabutan ang iyong anak.

JACINTO — Bakit pa ako babalik? Nais kong magkaroon ng kabuluhan ang aking pagkamatay. Tulad mo.

RIZAL — Kaya mas nais mong mamatay ngayon?

JACINTO — Mas nanaisin kong mamatay sa tama ng baril, sa gitna ng pakikipaglaban, kaysa sa tahimik na lumisan, nang dahil sa ano? Sa ngiki? Sa malaria?

RIZAL — Mas mahalaga ba sa iyo kung paano kang namatay, kaysa kung paano kang nabuhay?

JACINTO — Ano pa ang aking babalikan kung hindi ko rin makikita ang bunga ng aking ipinaglaban? Kung hindi ko rin makikita ang aking anak?

RIZAL — Ngunit kailangan ka pa ng iyong bayan. Ng iyong asawa. Ipinakita ko na sa iyo ang hinaharap kung sakaling ika'y magbalik.

*Ilaw sa kabilang bahagi ng entablado. Makikita si FLORENCIO REYES.*

FLORENCIO — Nais mong pumanaw na, Pingkian? Nais mong takasan ang pagkabigo ng iyong himagsikan? Hindi mo ba matanggap na hindi sapat ang iyong mga salita upang baguhin ang kalooban ng iyong mga kapatid?

*Papasok ang TATLONG FRAILE*

FR. AGAPITO — Itatanggi mo ba ang mga kasalanan ng Katipunan?

FR. DOMINGO — Di mo ba itutuwid ang kanilang mga kamalian?

FR. PIERNAVIEJA — Sumusuko ka na ba sa paghatid sa kanila sa liwanag?

FLORENCIO Ito na ba ang pinipili mong katapusan?

***SONG: Ito Na Ba Ang Katapusan?***

Ito ba ang katapusan
Ito ba'ng nais hantungan
Ang sa bala ay pumanaw
Na sa digmaan mamatay?

FR. AGAPITO Ito ba ang katapusan
Ang ninanais uwian?
Wakas ng pinaglalaban,
Ang dulo ng inaasam?

FR. DOMINGO Lahat ng pinaghirapan,
Dito na ba magwawakas,
Lahat ng iyong 'pinundar,
Dito na ba mawawasak?

FR. PIERNAVIEJA Ang minimithing liwanag
Ng bayan mong ginigiliw,
Isa lamang bang pangarap,
Malulugmok ba sa dilim?

PINGKIAN Panginoon kong Maylikha
Dito na ba tatapusin?
Akong aba mong kinatha,
Ngayon na ba tutuusin?

*Papasok si ANDRES BONIFACIO*

BONIFACIO Ito na ba'ng katapusan,
Ang wakas ng Katipunan?
Ito na ba'ng katapusan
Kalayaang inaasam?

RIZAL Ito ba ang katapusan
Ito ba'ng nais hantungan
Ang sa bala ay pumanaw
Na sa digmaan mamatay?

LAHAT Ito ba ang katapusan
Ang ninanais uwian?
Wakas ng pinaglalaban,
Ang dulo ng inaasam?

PINGKIAN ***SONG: Pangarap ko'y Kalayaan***

Pangarap kong manumbalik
Ang daigdig sa tahimik
Sa panahon ng sagana
Sa panahon ng ginhawa

Pangarap ko'y Kalayaan
Malayang Katagalugan
Bayang walang inaapi
Bayang angkin ang sarili

RIZAL Dito mo ba nais magwakas, Pingkian? Dito mo ba nais pumanaw? Sa isang guni-guni? Sa isang pangitain? Sa isang pangarap?

PINGKIAN Ngunit narito ang liwanag.

RIZAL Hindi liwanag, Pingkian. Ningning lamang. Naroon ang tunay na liwanag, lampas sa dilim, lampas sa mga anino't multo.

*Sa likod ng mga multo, may silahis ng liwanag. Pagmamasdan ito ni PINGKIAN.*

PINGKIAN ***SONG: Liwanag at Dilim***

Ningning ay nakasisira

Sa ating mga paningin

Pagkat ito ay madaya

Mata ay kayang linlangin

Ang bubog pag tinamaan

Ng nag-aapoy na araw

Nagniningning, sumisilaw

Nakasusugat ng kamay

Kailangan ay liwanag

Ang hanapin ay liwanag

Upang lubos na matanaw

Ang buong katotohanan

*Pagmamasdan niya ang kanyang pamilya sa isang bahagi ng entablado. Sa kabila ay ang mga multo.*

*Lalapit siya sa mga multo. Lalampasan niya ang mga ito at tutungo sa liwanag.*

PINGKIAN Kailangan ay liwanag

Ang hanapin ay liwanag

Upang lubos na matanaw

Ang buong katotohanan

Dr. Rizal, maaalala ba nila ang aking pagpanaw?

RIZAL Maaalala nila ang iyong buhay at mga gawa.

*Lalabas si RIZAL. Babalik si JACINTO sa kubol. Papasok si ISYO.*

JACINTO Isyo!

ISYO Heneral, pabalik na ang Guardia Civil. Natuklasan nilang binitay natin si Florencio Reyes at ginamit mo ang kanyang cedula sa pagpapanggap. Babalik sila rito upang ika'y arestuhin. Kailangan na nating umalis.

JACINTO Nagdeliryo ako Isyo. Akala ko'y mamamatay na ako. Nakita ko si Dr. Rizal at ipinakita niya sa akin ang hinaharap. Nakita ko ang aking anak. Malaki na siya. Gusto niyang mag-abogado. Mana sa tatay.

ISYO Hinihintay ka ni Catalina, Heneral. Kailangan ka niya.

JACINTO Sayang at hindi kami magkikita ng aking anak.

ISYO Ano ba'ng sinasabi mo, Heneral? Nagbalik na ang iyong lakas. Sumama ka na sa akin sa Sta. Cruz, naroon ang iyong maybahay. Kailangan ka

niya. Kailangan niya ang magiging tatay ng inyong anak!  Hinihintay ka rin ng ating mga kapatid. May paparating na mga bagong kaaway at naghihintay sila ng mga ipag-uutos mo.

*Bibigyan ni Isyo ng tungkod si JACINTO. Maglalakad sila papunta sa kabilang gawi ng entablado.*

*Liwanag sa kabilang bahagi ng entablado. Naroon si CATALINA. Sasalubungin niya ang asawa.*

CATALINA Miling!

MILING Akala ko'y di na tayo magkikita.

CATALINA Alam kong makakauwi ka, mahal. Kailangan mong makauwi.

*Ipapakita ni CATALINA kay MILING ang kanyang tiyan. Luluhod si MILING at hahalikan ang tiyan ng asawa.*

MILING Ang aking munting abogado.

CATALINA Negosyante!

MILING *(matatawa)* Tignan natin.

CATALINA Maligayang pag-uwi, mahal.

*Maghahalikan sila.*

JACINTO ***SONG: Kalayaan***

Ang umibig at mabuhay nang payapa

Ang umawit at lumikha nang malaya

Sa kabila ng digmaan at ng dahas

Liwanag ng kalayaan ay sisikat

Kung ang kapwa ay ituring na kapantay

At iabot sa nagipit ang 'yong kamay

Kung iayon sa katwiran ang 'yong gawa

Mabubuo ang daigdig na malaya

CATALINA ***(mula sa "Ikaw ang Liwanag)***

Kalayaan ay pagsapit ng pag-ibig

Ang pagtahan ng puso ko sa'yong dibdib

Bakit ko pa iaalay itong buhay?

Kundi rin lang sa yakap mo mahihimlay

BONIFACIO Kung ang mundo ay bumalik sa tahimik
Nu’ng panahon ng sagana at tagtigib
Sa panahon ng ginahawa’t walang api
Kalayaan ay pag-angkin sa sarili

RIZAL Kalayaan ay pagmulat sa liwanag
At pagtanaw sa layo ng hinaharap
Itaguyod ang sarili at kapatid
Maging handa ang ’yong puso sa pag-ibig

LAHAT Ang umibig at mabuhay nang payapa
Ang umawit at lumikha nang malaya
Sa kabila ng digmaan at ng dahas
Liwanag ng kalayaan ay sisikat

KORO Ang umibig at mabuhay nang payapa
Ang umawit at lumikha nang malaya
Sa kabila ng digmaan at ng dahas
Liwanag ng kalayaan ay sisikat

*Papasok si ISYO. Kakausapin niya ang mga manonood.*

ISYO

Nakatanggap ng sulat si Heneral Emilio Jacinto mula kay Apolinario Mabini tungkol sa kahilingan niyang magbalik sa pag-aabogasya. Pinayagan siya ni Mabining bumalik sa pag-aaral. Kailangan lamang ng dalawang saksi na siya'y umabot sa ikalawang taon. Ngunit hindi na siya nakabalik sa pag-aaral.

Hindi na rin nasaksihan ni Heneral Pingkian ang digmaan laban sa mga Amerikano. Nang pumutok ang digmaan, nagkasakit na ang heneral.

Sumali si Emilio Jacinto sa Katipunan sa edad na 17. Naging kataas-taasang tagausig at kataas-taasang kalihim siya ng Katipunan. Isa siya sa pinakamatalik na kaibigan at pinakapinagkakatiwalaan ng Supremong Andres Bonifacio. Dahil sa kanyang payo at mga isinulat para sa samahan, itinuring siya ng marami bilang Utak ng Katipunan. Ginamit niya ang sagisag na "Pingkian", na ang ibig sabihin ay matigas na batong sumisiklab kapag kinikiskis. Sa kanyang mga isinulat, marami siyang damdaming pinagsiklab at pinagningas.

Namatay si Heneral Pingkian noong ika 16 ng Abril 1899 sa edad na dalawampu't tatlo, dahil sa ngiki na hatid ng Malaria.

Hindi niya nasaksihan ang liwanag ng Kalayaan. Ngunit nasilip niya ito, kahit pansamantala, sa piling ng kanyang mga kasamahan sa Sta. Cruz at

Majayjay at ng kanyang minamahal na maybahay na si Catalina. Iniwanan niya tayo ng maraming sanaysay, tula, at prosa, bilang paalala na ang himagsikan ay sa loob natin nagsisimula.

LAHAT ***SONG: Nasa loob ang himagsikan***

Ang tunay na himagsikan
Sa loob nagsisimula
Sa puso't kaibuturan
Sa kaluluwa ang digma

Ang tunay na himagsikan
Ay paglilinis ng loob
Asamin ang kabanalan
Iwaksi ang pag-iimbot

Ang kalaban ay sarili
Bago pa man ang dayuhan
Sa paghangad ng mabuti
At pag-ayon sa katwiran

Matutong makipagkapwa
At ng kabutihang asal
Gawing isa ang salita

Matakot ka sa Maykapal

Ang tunay na himagsikan

Sa loob nagsisimula

Sa puso't kaibuturan

Sa kaluluwa ang digma

*Dilim.*